



Patnubay sa para sa Pamumuhay ng mga Dayuhang



Filipino



Oktubre 2025



Lungsod ng Hiroshima



Maligayang pagdating sa Hiroshima

1	Numero ng Telepono para sa Emergency	1
1 – 1	Sunog, Medikal na Emergency at Serbisyo ng Pagsaklolo	1
1 – 2	Aksidente sa Trapiko at Insidente (Krimen)	1
2	Tungkol sa Araw-araw na Pamumuhay	2
2 – 1	Paraan ng Pagtatapon ng Basura	2
2 – 2	Tubig, Paagusan ng Tubig, Kuryente at Gas	3
2 – 3	Pabahay	4
2 – 4	Koreo o Mail	6
2 – 5	Mga Patakaran sa Trapiko	7
3	Mga Prosesong Kailangan para sa Pamumuhay	9
3 – 1	Sistema para sa mga Dayuhang Residente	9
3 – 2	Proseso kaugnay sa Tirahan	10
3 – 3	Kapanganakan ng Bata / Kamatayan / Pag-aasawa / Diborsyo	12
3 – 4	Medikal na Seguro (Medical o Health Insurance)	15
3 – 5	Long-term Care Insurance (<i>Kaigo Hoken</i>)	17
3 – 6	Pensyon	18
3 – 7	Buwis	19
3 – 8	Mga Prosesong Kailangan kapag Uuwi sa Sariling Bansa o Maglilipat sa Ibang Bansa	22
4	Suporta sa Pamumuhay	25
4 – 1	Kapag Nagkasakit o Nagka-injury (Ospital / Klinika), Pag-iwas sa Nakakahawang Sakit	25
4 – 2	Kalusugan at Kapakanan	27
4 – 3	Pag-aalaga ng Anak (Panganganak at Pagpapalaki ng Anak)	28
4 – 4	Edukasyon	29
4 – 5	Trabaho	31
4 – 6	Kapag May Pinansyal na Problema	32
5	Kapag Gustong Mag-aral ng Nihongo	33
6	Paghahanda para sa Sakuna	39
7	Mga Tanggapan para sa Konsultasyon at Impormasyon	42
7 – 1	Tanggapan para sa Konsultasyon	42
7 – 2	Mga Ahensya ng Lungsod	46
7 – 3	Mga Embassy, International Organization, at iba pa	51
7 – 4	Emergency Medical Care sa Holiday, at sa Gabi	53
7 – 5	Iba pang Impormasyon	54
8	Mga Palatandaan at Simbolo sa Araw-araw na Pamumuhay	56
9	Wastong Paraan ng Pagtatapon ng Basura mula sa Tahanan	58
10	Medical at Emergency Card para sa mga Dayuhang Residente	65

Maligayang pagdating sa Hiroshima

Maligayang Pagdating sa internasyonal na lungsod ng kultura ng kapayapaan.

Ang patnubay na aklat na ito ay para sa lahat ng mga dayuhang naninirahan sa Lungsod ng Hiroshima.

Nakasulat dito ang impormasyon para sa emergency at paghahanda para sa sakuna na makakatulong sa pamumuhay, mga prosesong kailangan sa pamumuhay, at iba pa.

Para sa mga hindi masyadong nakakaintindi ng Nihongo, sumangguni sa Consultation Counter para sa mga Dayuhan ng Lungsod ng Hiroshima at Aki-gun (TEL 082-241-5010). Para sa mga taong nagsimulang mamuhay sa Lungsod ng Hiroshima, magpapaliwanag ang tagapayo ng tanggapan ng konsultasyon tungkol sa inyong bagong pamumuhay sa Lungsod ng Hiroshima. Kung nais tumanggap ng paliwanag, mangyaring magpa-appointment sa tanggapan ng konsultasyon.

Maging maginhawa sana ang inyong pamumuhay sa Lungsod ng Hiroshima.



Ito ang marka ng Lungsod ng Hiroshima (city emblem).

Kung makatanggap ng impormasyon na nagtataglay ng ganitong marka, siguraduhing basahin ang nilalaman.

1 Numero ng Telepono para sa Emergency

1 – 1 Sunog, Medikal na Emergency at Serbisyo ng Pagsaklolo

Kung mayroong sunog, medikal na emergency (biglaang sakit o injury), o para sa serbisyo ng pagsaklolo (kung kailangan ng saklolo sa panahon ng likas ng sakuna atbp.), i-dial ang "119" para tumawag ng ambulansya o fire truck.

119

Mangyaring sabihin ang mga sumusunod:

1. Kung sunog o emergency
2. Sabihin para madaling maintindihan ang address o lokasyon, at malinaw na sabihin ang destinasyon
3. Pangalan at numero ng telepono ng taong tumawag sa "119".



Libre ang paggamit ng serbisyo ng ambulansya, ngunit hindi ito maaaring gamitin para sa magandang sakit o injury.

Kapag hindi alam kung dapat tumawag ng ambulansya, kung dapat sariling pumunta sa ospital, at kung saang ospital dapat pumunta, mangyaring tumawag sa Emergency Consultation Center (TEL #7119 o 082-246-2000). Magbibigay ng payo ang mga nurse.

1 – 2 Aksidente sa Trapiko at Insidente (Krimen)

Kung nagkaroon ng aksidente sa trapiko o insidente (krimen), i-dial ang "110".

Mangyaring sabihin ang mga sumusunod:

1. Kung aksidente sa trapiko o insidente
2. Kailan at saan
3. Ano ang nangyari
4. Kung mayroong nasaktan na tao
5. Pangalan at numero ng telepono ng taong tumawag sa "110".

Kung may taong nagtamo ng injury at tatawag ng ambulansya, i-dial ang "119".

110



2 Tungkol sa Araw-araw na Pamumuhay

2 – 1 Paraan ng Pagtatapon ng Basura

(1) Pagbubukod ng mga basura

Itapon ang mga basura mula sa tahanan matapos ibukod sa sumusunod na walong uri:

1. Nasusunog na basura
2. PET bottle
3. Plastik na maaaring i-recycle
(Plastik na pambalot o container)
4. Iba pang plastik
(Plastik na hindi pambalot o container)
5. Hindi nasusunog na basura
6. Maaaring i-recycle na basura
7. Nakapipinsalang
8. Malalaking basura



Para sa mga detalye, basahin ang "Wastong Paraan ng Pagtatapon ng Basura mula sa Tahanan" (pahina 58).

Nakasulat din ito sa website ng Lungsod ng Hiroshima. Bukod sa Nihongo, maaari ring tingnan ang paraan ng pagtatapon ng basura mula sa tahanan sa wikang Ingles, Intsik, Koreano, Portuguese, Espanyol, Filipino at Vietnamese.



<https://www.city.hiroshima.lg.jp/living/gomi-kankyo/1021277/1003072/1026095/1026096/1003182.html>

(2) Pagkolekta ng basura

Mangyaring itapon ang basura sa nakatakdang lugar nang hindi lalampas ng 8:30 ng umaga sa araw ng pagkolekta. Ang "araw ng pagkolekta" ang araw kung kailan maaaring magtapon ng basura.

Tungkol sa lugar kung saan itatapon ang basura, mangyaring magtanong sa inyong kapitbahay o sa Sanitation Office (pahina 50).

Itinatakda ang araw ng pagkolekta ayon sa uri ng basura at sa distrito kung saan nakatira.



Mangyaring tingnan ang website ng Lungsod ng Hiroshima para sa mga detalye.

<https://www.city.hiroshima.lg.jp/living/gomi-kankyo/1021277/1003072/1036671/index.html>

(3) Paraan ng pagtatapon ng malalaking basura (may bayad)

Malalaking basura ang mga basurang 30 cm o higit pa ang laki. May gastos kapag magtatapon ng malalaking basura (may bayad). Bago magtapon ng malalaking basura, mangyaring magpareserba sa Sentro ng Tanggapan para sa Malalaking Basura.

1. Magpareserba sa telepono (operator sa wikang Hapon lamang)

TEL 0570-082530

(Hindi sakop sa flat-rate plan para sa pagtawag ng mga cellphone company.)

TEL 082-544-5300

Deadline ng pagpareserba:

Bilangin mula sa araw bago ng pagkolekta ng basura sa distrito kung saan nakatira, 3 araw bago noon liban sa mga holiday

2. Magpareserba online

<https://www.city.hiroshima.lg.jp/living/gomi-kankyo/1021277/1003072/1026095/1026097/1003173.html>

Deadline ng pagpapareserba:

Bilangin mula sa araw bago ng pagkolekta ng basura sa distrito kung saan nakatira, 5 araw bago noon liban sa mga holiday



Holiday ng Sentro ng Tanggapan para sa Malalaking Basura:

Sabado, Linggo, pista opisyal atbp., katapusan at simula ng taon, Agosto 6
Mangyaring tingnan ang pahina 62 tungkol sa paraan ng pagbabayad ng halagang kailangan para magtapon ng malalaking basura, at iba pang detalye.

2 – 2 Tubig, Paagusan ng Tubig, Kuryente at Gas



(1) Tubig at Paagusan ng Tubig

1. Kapag sisimulan o ihihinto ang paggamit ng tubig

Mangyaring makipag-ugnayan sa Waterworks Bureau Newly Moved Customer Advice Center ng Lunsod ng Hiroshima ng mga 3 o 4 na araw bago nito. Maaari ring mag-apply mula sa website ng Waterworks Bureau.

TEL 082-511-5959 FAX 082-228-8861

<https://www.water.city.hiroshima.lg.jp/soshiki/5/401.html>



2. Gustong magtanong tungkol sa bayarin para sa tubig at paagusan ng tubig

Para sa impormasyon tungkol sa bayarin para sa tubig, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Waterworks Bureau sa ward kung saan nakatira (pahina 50).

Para sa impormasyon tungkol sa bayarin sa paagusan ng tubig, makipag-ugnayan sa Management Division ng Sewerage Bureau ng Lungsod ng Hiroshima (TEL 082-241-8258).

(2) Kuryente

1. Kapag sisimulan o ihihinto ang paggamit ng kuryente

The Chugoku Electric Power Co., Inc. (Kung electric power company na hindi The Chugoku Electric Power, makipag-ugnayan sa kinauukulang kumpanya.)

Lugar kung saan nakatira	Telepono	Pangalan ng Opisina
Naka Ward, Higashi Ward Minami Ward, Nishi Ward	0120-297-510	Hiroshima Energy Sales Center
Aki Ward	0120-525-079	
Asaminami Ward, Asakita Ward	0120-516-830	Hiroshima-kita Energy Sales Center
Saeki Ward	0120-517-270	Hatsukaichi Energy Sales Center

2. Kapag nawalan ng kuryente

Chugoku Electric Power Transmission & Distribution Center

Lugar kung saan nakatira	Telepono	Pangalan ng Opisina
Naka Ward, Higashi Ward, Minami Ward, Nishi Ward	0120-748-510	Hiroshima Network Center
Aki Ward	0120-525-089	
Asaminami Ward, Asakita Ward	0120-516-850	Hiroshima Kita Network Center
Saeki Ward	0120-517-370	

(3) Gas

Kapag sisimulan o ihihinto ang paggamit ng city gas o nasira ang gas appliance

Hiroshima Gas Customer Center (Kung kumpanya ng gas na hindi Hiroshima Gas, makipag-ugnayan sa kinauukulang kumpanya.)

TEL 0570-002-888 o 082-251-2176

Kapag nag-leak ang gas

Hiroshima Gas Security Command Center TEL 082-251-3219

* Sa Hiroshima Gas, maaaring makipag-usap sa wikang Ingles, Intsik, Koreano, Portuguese, Espanyol, Vietnamese, at Thai sa pamamagitan ng interpretation center o mobile device.

Para sa **propane gas**, makipag-ugnayan sa tindahan sa kinauukulang lugar. Tiyakin ang tindahan sa real estate company o sa Hiroshima Gas Propane (TEL 082-821-3634).

2 – 3 Pabahay



(1) Paghahanap ng matitirahan

Sa pangkalahatan, maghahanap sa pamamagitan ng real estate agent. Para sa mga estudyante sa unibersidad, maaari ring magbigay ng impormasyon ang unibersidad.

Kung uupa ng tirahan, makikipagkontrata para sa pag-upa. Sa pangkalahatan, kailangan ng guarantor (hoshonin), at may sistemang natatangi sa Japan ng key money (reikin) at security deposit (shikikin). Para sa mga detalye, magtanong sa real estate agent, o sa unibersidad.

Kapag napagpasyahan na ang tirahan, magparehistro bilang residente (pahina 10).

Listahan ng mga nakikipagtulungang ahensya para sa paghahanap ng tirahan sa Lungsod ng Hiroshima

Mayroong listahan ng mga nakikipagtulungang real estate agent upang madaling makahanap ang mga dayuhan ng matitirahan. Nasa website ng Lungsod ng Hiroshima ang listahang ito.

Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang "Para sa mga nahihirapan sa paghahanap ng tirahan: 1 Listahan ng mga Nakikipagtulungang Ahensya para sa Paghahanap ng Tirahan" sa website ng Lungsod ng Hiroshima.

<https://www.city.hiroshima.lg.jp/living/sumai/1021354/1018601.html>



Municipal housing

Ang mga sumusunod ay maaaring mag-apply para tumira sa municipal housing:

1. Taong nakarehistro bilang residente sa Lungsod ng Hiroshima at nakatira sa loob ng lungsod, at tumutugon sa mga kailangang kondisyon tulad ng komposisyon ng sambahayan, income at iba pa.
2. Taong nagtatrabaho sa Lungsod ng Hiroshima, at tumutugon sa mga kailangang kondisyon tulad ng komposisyon ng sambahayan, income at iba pa.

Mayroong pana-panahon na aplikasyon (apat na beses sa isang taon sa Pebrero, Mayo, Agosto at Nobyembre) at palagiang aplikasyon.

Para sa mga detalye, magtanong sa Architecture Division ng ward office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira.

(2) Mga patakaran sa paninirahan

Ingay

Sa mga residential area at sa housing complex o apartment, maaaring marinig ng nasa katabi mong kuwarto ang tunog mula sa iyong kuwarto, at pagmulan ito ng problema.

Mangyaring huwag mag-ingay. Mag-ingat lalo na kapag gabing-gabi na o madaling araw.

🔊 Halimbawa, maaaring maging "ingay" ang mga sumusunod:

(Tunog mula sa TV, radyo, atbp., tunog ng musical instrument, pag-uusap sa malakas na boses, tunog ng vacuum cleaner o washing machine, tunog ng shower o bath, tunog ng pagbubukas-sara ng pinto, at iba pa)

Paggamit ng shared area sa apartment complex

Shared area ang mga hagdanan at hallway o pasilyo. Dahil ginagamit ang mga shared area na ito bilang daanan sa paglikas kapag nagkaroon ng lindol o sunog, bawal mag-iwan ng inyong gamit dito.

(3) Asosasyon ng mga magkakapitbahay at Asosasyon ng mga residente

Tinatawag na asosasyon ng magkakapitbahay (chonaikai) at asosasyon ng mga residente (jichikai) ang kapulungan para magtulungan at magsagawa ng iba't ibang aktibidad ang mga taong nakatira sa pamayanan na naghahangad ng bayan kung saan maginhawang makakapanirahan. Kapag sumali sa asosasyon ng magkakapitbahay, maaaring malaman ang mga lokal na event at iba pang impormasyon. Makokonekta rin sa pagtutulungan sa panahon ng sakuna o iba pang emergency.

Kung gustong sumali sa asosasyon ng magkakapitbahay, magtanong sa pamunuan (kumicho, hanchō, kaicho atbp.) ng Asosasyon ng magkakapitbahay (chonaikai) o Asosasyon ng mga residente (jichikai) ng pamayanan kung saan kayo nakatira, o sa Community Revitalization Division sa ward office ng ward kung saan nakatira (pahina 46).

(4) Pag-aalaga ng hayop

1. Pagpaparehistro (1 beses lamang sa buong buhay)

Kailangang iparehistro ang aso ng taong may alagang aso na 91 araw o higit pa ang edad. Isagawa ang proseso ng pagpaparehistro sa Animal Welfare Center o sa veterinary hospital. Kapag nagparehistro, makakatanggap ng license tag para sa aso. Sa mga sumusunod na kaso, mangyaring ipaalam sa Animal Welfare Center.

- Kapag nagbago ang may-ari o address
- Kapag namatay ang aso
- Kapag may kinagat na tao ang aso



2. Bakuna upang maiwasan ang rabies (1 beses sa isang taon)

Kailangan ng taong may alagang aso na pabakunahan laban sa rabies ang kanilang aso. Nagbabakuna laban sa rabies sa lugar para sa sabay-sabay na pagbabakuna (mula Abril hanggang Mayo taon-taon), o sa veterinary hospital.

Kapag nagpabakuna laban sa rabies, makakatanggap ng sertipiko ng pagbabakuna laban sa rabies.

😊 Kailangang ikabit sa suot ng asong collar o iba pa ang license tag at sertipiko ng pagbabakuna laban sa rabies.

3. Pagkakabit ng microchip sa mga aso at pusa

Simula Hunyo 1, 2022, naging obligasyon na kabitan ng microchip ang mga aso at pusa na ipinagbibili sa mga pet shop, breeder at iba pa. Sa madaling salita, simula pa lang nakabit na ng microchip ang mga aso at pusang binili sa pet shop o breeder. Dahil dito, kailangang irehistro para baguhin ang impormasyon sa microchip sa impormasyon ng may-ari ng alagang hayop.

At kailangan din ng taong nakatanggap o nakahanap at nag-uwi, at nagsimulang mag-alaga ng aso o pusang walang microchip na irehistro sa impormasyon ng may-ari kapag kinabitan ang alaga ng microchip sa veterinary hospital o iba pa.

Para sa mga katanungan:

Animal Welfare Center 11-27 Fujimi-cho, Naka-ku, Hiroshima-shi TEL 082-243-6058

2 – 4 Koreo o Mail



Sa post office, bukod sa serbisyo ng koreo, nagsasagawa rin ng serbisyo kaugnay sa savings at insurance.

Kung nagbago ng address, magsumite sa post office ng notipikasyon ng paglipat ng tirahan (tenkyo todoke). Sa loob ng 1 taon, ihahatid din sa bagong address ang mail na naka-address sa dating tirahan.

Customer Service Center

TEL 0120-23-2886 (Hindi maaaring tumawag mula sa cellphone.)

Kapag tatawag mula sa cellphone: TEL 0570-046-666 Sa Ingles TEL 0570-046-111

Para sa mga katanungan kaugnay sa koreo at parsela: 8:00 am - 9:00 pm araw-araw

* Website ng gabay sa koreo sa Ingles:

https://www.post.japanpost.jp/index_en.html



2 – 5 Mga Patakaran sa Trapiko

Sa Japan, sa kanan ang daan ng mga pedestrian, at sa kaliwa ang daan ng mga kotse, motorsiklo at bisikleta. Sa pedestrian crossing, prayoridad ang mga pedestrian.



(1) Bisikleta

- Kapag magbibisikleta, sundin ang sumusunod na limang patakaran pangkaligtasan:

1. Sa prinsipyo, dapat magbisikleta sa kaliwa ng kalsada. Kapag magbibisikleta sa bangketa, bigyan ng prayoridad ang mga taong naglalakad.
2. Sundin ang ilaw trapiko sa intersection, at huminto muna para tiyakin ang kaligtasan.
3. Buksan ang ilaw ng bisikleta sa gabi.
4. Bawal magbisikleta kapag nakainom ng alkohol.
5. Magsuot ng helmet kapag magbibisikleta.

👉 Kapag magbibisikleta, "obligasyong magsikap" na magsuot ng helmet.

At kapag magsasakay ng batang hindi pa pumapasok sa elementarya sa upuan para sa batang naka-install sa bisikletang pang-adult, "obligasyong magsikap" na ikabit ang seatbelt ng bata at pasuotin siya ng helmet.

- Mangyaring kumuha ng bicycle liability insurance atbp. ("bicycle insurance").

Sa ordinansa ng Hiroshima Prefecture, "obligasyon" ang pagkuha ng bicycle insurance.

* Subalit liban dito ang mga menor de edad.

- Mag-ingat sa mga sumusunod na bagay.

1. Ipinagbabawal ang pagbibisikleta habang nakasuot ng earphones o headphones at nakikinig sa malakas na tunog ng musika.
2. Bawal magbisikleta habang may tinatawagan sa cellphone.
3. Sa prinsipyo, bawal ang pagsakay ng dalawang tao sa iisang bisikleta.
4. Bawal magbisikleta nang magkatabi.

😊 Magsagawa ng regular na inspeksyon at maintenance ng bisikleta, at laging isaisip ang ligtas na pagbibisikleta.

📄 Memo: Ipinagbabawal ang pag-iwan ng bisikleta at iba pa

Gamitin ang paradahan kapag ipaparada ang bisikleta o motorsiklo.

Hindi lamang sagabal sa pedestrian ang pag-iwan ng bisikleta o motorsiklo, maaari rin itong maging sanhi ng aksidente sa trapiko o makasagabal sa mga aktibidad sa oras ng emergency.

Kaagad na aalisin ang mga bisikleta at motorsiklong iniwan sa lugar kung saan may karatulang nasa kanan.

Ilimbak ang bisikleta at iba pang inalis sa imbakan ng mga bisikleta atbp. Pumunta roon para i-claim ang bisikleta.



Araw at Oras	Araw-araw 10:30 am - 7:00 pm (liban sa mga holiday at ika-29 ng Disyembre hanggang ika-3 ng Enero)
Bayad	Bisikleta 2,200 yen Scooter (gentsuki) (125 cc pababa at 4.0 kW pababa) 4,400 yen Motorsiklo 5,500 yen
Kailangang bagay	Susi, ID (lisensya, school ID, health insurance card o iba pa kung saan makukumpirma ang identipikasyon)

Isang buwan ang panahon ng pag-iimbak. Itatapon ng lungsod ang mga hindi na-claim pagkalampas nito.



(2) Mga kotse / Motorsiklo

- Sa Japan, ang taong maaaring magmaneho ng kotse o motorsiklo ay ang mga taong may isa sa mga sumusunod na 1, 2, o 3. Kapag lisensyang 2 o 3, maaaring magmaneho nang hanggang isang taon lamang.
 1. Lisensya ng pagmamaneho ng Japan o Japanese license
 2. Pandaigdig na pahintulot sa pagmamaneho batay sa Kombensiyon sa Trapiko Panglansangan (Geneva Convention)
 3. Lisensya ng pagmamaneho na inisyu sa bansa o rehiyon na pinahihintulutan para magmaneho sa Japan, at dokumentong nakasalin sa wikang Hapon mula sa embahada, konsulado o iba pa (Sa kasalukuyan, saklaw rito ang Switzerland, Germany, France, Belgium, Monaco, at Taiwan.)
- Kapag magmamaneho ng kotse o motorsiklo, kinakailangan ang lisensya ng pagmamaneho. Bawal magmaneho kung hindi dala ang lisensya (kapag nakalimutan ang lisensya sa bahay o iba pa).
- Sa kotse, dapat magsuot ng seatbelt sa lahat ng mga upuan.
- Kapag magsasakay ng batang wala pang 6 na taong gulang sa kotse, dapat gumamit ng child seat.
- Kapag sasakay sa motorsiklo, dapat magsuot ng helmet.
- Ipinagbabawal ang pagmamaneho habang gumagamit ng cellphone o kapag nakainom ng alkohol. Mahigpit ang parusa lalo na kapag nagmaneho nang nakainom ng alkohol. Huwag na huwag itong gawin.

(3) Bus / Tren at iba pa

Sa bus, tren at iba pang pampublikong transportasyon, mangyaring tandaan ang mga sumusunod na mabuting asal.

- Kapag maghihintay ng bus, tren o iba pa, mangyaring pumila nang maayos. Bawal sumingit sa taong naunang naghihintay.
- Bawal manigarilyo sa loob ng pampublikong sasakyan.
- Iwasan ang paggamit ng cellphone sa loob ng pampublikong sasakyan.
- Iwasan ang pakikinig sa malakas na tunog ng musika sa loob ng pampublikong sasakyan.



3 Mga Prosesong Kailangan para sa Pamumuhay

3 – 1 Sistema para sa mga Dayuhang Residente

Residence Management System

Sakop ang mga dayuhang mananatili sa Japan nang mid-to-long term (higit sa 3 buwan)

(1) Residence card

Ipinagkakaloob ang residence card kasabay ng pahintulot na lumapag sa Japan at iba pang pahintulot kaugnay sa paninirahan sa Japan.

Nakasulat dito ang pangalan, petsa ng kapanganakan, address, nasyonalidad o rehiyon, status of residence, period of stay, at iba pa, at nakadikit ang litrato ng mukha ng may-ari.

Kung nawala o nasira ang residence card, mangyaring mag-apply sa Immigration Bureau para makatanggap ng bagong card.

- * Kung nawala ang pasaporte, mangyaring kumuha ng “certificate of lost property” (report of loss) sa pulis. Dalhin iyon at pumunta sa embahada o konsulado ng sariling bansa para magpagawa muli ng pasaporte.

(2) Mga proseso kaugnay sa residence [Mga proseso sa Hiroshima Regional Immigration Bureau]

1. Kapag nagbago ang pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad o rehiyon, atbp.

Sa loob ng 14 na araw mula sa petsa kung kailan nagbago, dalhin ang mga sumusunod na dokumento para ipagbigay-alam ang pagbabago.

[Mga kinakailangang dokumento] Pasaporte, litrato, residence card, dokumento kung saan makikita ang pagbabago

2. Kapag nagbago ang mga aktibidad batay sa status of residence, o kung magtatapos ang period of stay

Mangyaring mag-apply para sa pagbabago ng status of residence o mag-apply para sa pag-renew ng period of stay.

[Mga kinakailangang dokumento] Pasaporte, litrato, residence card, takdang papeles



Hiroshima Regional Immigration Bureau

2-31 Kami-Hatchobori, Naka-ku, Hiroshima-shi, Hiroshima-ken
TEL 082-221-4412

Special Permanent Residence System

Iba sa Residence Management System ang sistema para sa mga special permanent.

(1) Special Permanent Resident Certificate

Ipinagkakaloob ang Special Permanent Resident Certificate sa mga Special Permanent Resident.

Sa special permanent resident certificate, nakasulat ang pangalan, petsa ng kapanganakan, address, nasyonalidad o rehiyon, petsa ng pagtatapos ng panahon ng bisa, at iba pa, at nakadikit ang litrato ng mukha ng may-ari.

Kung wala pang 16 na taong gulang na mayroong certificate of alien registration, mangyaring ipalalit iyon sa special permanent resident certificate nang hindi lalampas sa kaarawan kung kailan magiging 16 na taong gulang.

Kung nawala o nasira ang special permanent resident certificate, mangyaring mag-apply sa ward office para makatanggap ng bagong certificate.

(2) Mga Proseso kaugnay sa mga Special Permanent Resident [Mga proseso sa munisipalidad sa lugar ng tirahan]

1. Kapag nagbago ang pangalan, araw ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad o rehiyon

Sa loob ng 14 na araw mula sa petsa kung kailan nagbago, dalhin ang mga sumusunod na dokumento para ipagbigay-alam ang pagbabago.

[Mga kinakailangang dokumento] Pasaporte (kung may pasaporte), litrato, special permanent resident certificate, dokumento kung saan makikita ang pagbabago

2. Kapag magtatapos ang panahon ng bisa ng special permanent resident certificate
Bago lumipas ang panahon ng bisa ng special permanent resident certificate, dalhin ang mga sumusunod na dokumento at ipagbigay-alam ito.

[Mga kinakailangang dokumento] Pasaporte (kung may pasaporte), litrato, special permanent resident certificate

Sistema ng Special Re-entry Permit

Sa patakaran, hindi na kailangang kumuha ng re-entry permit ang mga sumusunod:

- Dayuhang may valid na pasaporte at residence card
... Kung sa paglabas ng Japan, ipinahayag ang intensyong bumalik sa loob ng isang taon mula ng paglabas ng Japan
- Special permanent resident na may valid passport at special permanent resident certificate
... Kung sa paglabas ng Japan, ipinahayag ang intensyong bumalik sa loob ng dalawang taon mula ng paglabas ng Japan

Para sa mga katanungan tungkol sa Residence Management System at Special Permanent Residence System

Foreign Residents Information Center

Oras ng tanggapan: Lunes - Biyernes 8:30 am - 5:15 pm

Sarado: tuwing Sabado, Linggo, mga holiday, at Disyembre 29 - Enero 3.

TEL 0570-013904 (kung mula sa IP phone o ibang bansa: 03-5796-7112)

3 – 2 Proseso kaugnay sa Tirahan

Kinakailangang magrehistro bilang residente ang mga mid-to-long-term resident at special permanent resident.

(1) Kapag magsisimulang tumira sa Japan (mid-to-long-term resident)

Kapag napagpasyahan na ang lugar na titirahan, sa loob ng 14 na araw, dalhin ang residence card at magbigay-alam sa Citizens Affairs Division ng ward office o branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira. Kung hindi pa natatanggap ang residence card, dalhin ang pasaporte.



(2) Kapag maglilipat

1. Paglilipat mula sa Lungsod ng Hiroshima papunta sa ibang lungsod, ward o town

- Magsumite ng notipikasyon sa paglilipat (tenshutsu todoke) sa Citizens Affairs Division ng ward office o branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira. Bibigyan kayo ng sertipiko para sa paglilipat (tenshutsu shōmeisho). Pag-ingatan upang hindi ito mawala. Pagkatapos nito, sa loob ng 14 na araw mula ng pagbabago ng address, magsumite ng notipikasyon (tennyū todoke) sa lungsod, ward o town kung saan lilipat at titira.

[Mga kinakailangang dokumento] Residence card o special residence certificate (ng lahat ng miyembro ng sambahayan), sertipiko para sa paglilipat (tenshutsu shōmeisho), at My Number card (kung mayroon nito)

- Maaaring magsumite ng notipikasyon sa paglilipat (tenshutsu todoke) online ang mga taong mayroong My Number card na magagamit para sa electronic certificate. Para sa mga detalye, mangyaring magtanong sa Citizens Affairs Division ng ward office o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira hanggang sa panahong iyon.

2. Kapag maglilipat sa loob ng Lungsod ng Hiroshima

Sa loob ng 14 na araw mula sa petsang nagbago ng address, magsumite ng notipikasyon ng paglipat ng tirahan (tenkyo todoke) sa Citizens Affairs Division ng ward office o branch office (pahina 46) ng ward kung saan titira.

[Mga kinakailangang dokumento]

Residence card o special residence certificate (ng lahat ng miyembro ng sambahayan), at My Number card (kung mayroon nito)

Memo 1: Residence Certificate

Kapag nagrehistro bilang residente, maaaring tumanggap ng kopya ng residence certificate (may bayad).

Kung gusto ng kopya ng residence certificate, mangyaring mag-apply sa Citizens Affairs Division ng ward office o sa branch office (pahina 46).

Maaari ring mag-apply para sa kopya ng residence certificate sa kahit saang Citizens Affairs Division ng ward office o branch office (pahina 46) sa loob ng Lungsod ng Hiroshima.

Maaari ring kumuha ng kopya ng residence certificate sa convenience store at iba pa ang mga taong may My Number card na magagamit para sa electronic certificate. Maaaring kumuha nito nang mas mura ng 100 yen kaysa kung kukuha nito sa tanggapan ng Citizens Affairs Division ng ward office o branch office (pahina 46).

Memo 2: My Number

Ang My Number ang 12-digit na numerong itinalaga para sa bawat isa, sa lahat ng mayroong residence certificate.

Kapag nagrehistro bilang residente, padadalhan ng paunawa tungkol sa My Number. Nakasulat doon ang inyong My Number.

Maaaring magpagawa ng "My Number card" kung saan nakasulat ang My Number, at may litrato ng mukha. Para sa mga detalye, mangyaring magtanong sa Citizens Affairs Division ng ward office o sa branch office ng ward kung saan nakatira (pahina 46).



Memo 3: Child Allowance

Maaaring tumanggap ng child allowance ang mga nagpapalaki ng mga bata mula 0 taong gulang hanggang sa edad ng high school student (hanggang sa unang March 31 pagkatapos ng kaarawan kung kailan naging 18 taong gulang). Sa mga hindi pa nakatanggap nito o mga lumipat ng tirahan mula sa labas ng lungsod ng Hiroshima, gawin ang proseso para rito. Para sa mga detalye, magtanong sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) ng ward kung saan nakatira.

3 – 3 Kapanganakan ng Bata / Kamatayan / Pag-aasawa / Diborsyo

Kapag may isinilang na anak, namatay, nag-asawa o nagdiborsyo, maaaring kailangan ang proseso sa sariling bansa. Mangyaring magtanong muna sa kinauukulang ahensya ng inyong bansa na nasa Japan.

Kasabay nito, magbigay ng notipikasyon sa ward office o branch office (pahina 46-48) ng ward kung saan nakatira, gayundin sa Immigration Services Bureau.

(1) Kapag may isinilang na anak

Notipikasyon	• Kailan isusumite • Sino ang sakop	Saan isusumite
Notipikasyon ng kapanganakan (<i>Shusshō Todoke</i>)	- Sa loob ng 14 na araw kasama ang araw ng kapanganakan - Lahat	Citizens Affairs Division ng ward office ng ward kung saan nakatira o ward kung saan nanganak (maaari rin sa branch office kung mayroon nito)
Pagkuha ng Status of Residence	- Sa loob ng 30 na araw mula sa araw ng kapanganakan - Mid-to-long-term resident	Hiroshima Regional Immigration Bureau
Pahintulot para sa special permanent residence	- Sa loob ng 60 na araw mula sa araw ng kapanganakan - Special permanent resident	Citizens Affairs Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira
Ulat ng kapanganakan (<i>Shusshō Renraku Hyō</i>)	- Sa lalong madaling panahon - Lahat	Mutual Community Support Division ng ward office ng ward kung saan nakatira
Child Allowance (<i>Jidō Teate</i>)	- Sa loob ng 15 na araw mula sa araw pagkatapos ng araw ng kapanganakan - Sa tanggapan ng nakasulat sa kanan para sa mga detalye	Welfare Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira (Liban sa Ninoshima Branch Office.)
Tulong para sa medikal na gastusin ng mga bata	Sa tanggapan ng nakasulat sa kanan para sa mga detalye (Hindi sakop ang mga malaki ang income)	Welfare Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira
National Health Insurance	- Sa loob ng 14 na araw mula sa araw ng kapanganakan - Taong kasapi sa National Health Insurance	Insurance and Pension Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira

* Kapag parehong dayuhan ang ama at ina, kahit na ipinanganak ang bata sa Japan, hindi siya magkakaroon ng Japanese citizenship. Mangyaring ipaalam sa embahada o konsulado na isinilang ang inyong anak.

(2) Kapag namatay

Notipikasyon	• Kailan isusumite • Sino ang sakop	Saan isusumite
Notipikasyon ng Kamatayan (<i>Shibō Todoke</i>)	- Sa loob ng pitong araw mula nang malaman ang pagkamatay - Lahat	Citizens Affairs Division ng ward office ng ward kung saan nakatira o ward kung saan namatay (maaari rin sa branch office kung mayroon nito)
National Health Insurance	- Sa loob ng 14 araw mula sa araw kung kailan namatay - Taong kasapi sa National Health Insurance	Insurance and Pension Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira
Long-term Care Insurance (<i>Kaigo Hoken</i>)	- Sa loob ng 14 araw mula sa araw kung kailan namatay - Taong kasapi sa Long-term Care Insurance	Welfare Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira
Late-stage Elderly Medical Care System (<i>Kōki Kōreisha Iryō Seido</i>)	- Sa loob ng 14 araw mula sa araw kung kailan namatay - Taong kasapi sa Late-stage Elderly Medical Care System	Welfare Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira



Maaari ring isagawa ang proseso kaugnay sa pagkamatay sa "Support Corner sa mga Proseso para sa Naiwang Pamilya" (kumuha ng-appointment)

Sa Lungsod ng Hiroshima, mayroong "Support Corner sa mga Proseso para sa Naiwang Pamilya" upang mapagaan kahit kaunti ang pasanin ng naiwang pamilya. Maaaring maisagawa nang mas maayos ang iba't ibang proseso sa ward office na kailangan kapag may namatay sa pamamagitan ng suporta sa pagsulat sa mga application form. Kailangang kumuha ng-appointment para magamit ang serbisyo. Maaaring magpa-appoint sa pamamagitan ng telepono.

Support Corner sa mga Proseso para sa Naiwang Pamilya

- Lugar ng corner na maaaring gamitin: ward office kung nasaan ang address ng taong namatay

- Araw at oras : Lunes - Biyernes 9:00 - 12:00, 1:00 - 5:00 pm

(huling oras ng pagtanggap: 4:00 pm)

- Paraan ng pagkuha ng appointment:

▶ Oras ng pagtanggap ng appointment: Lunes - Biyernes 8:30 am - 5:15 pm

▶ Tanggapan para sa appointment: Citizens Affairs Division ng mga ward office (Mangyaring tumawag sa Citizens Affairs Division ng ward office kung saan ang address ng taong namatay.)

Citizens Affairs Division ng Ward Office

Tanggapan para sa Appointment	Numero ng Telepono para sa Appointment	Pumunta sa sumusunod na tanggapan sa araw ng paggamit. (Lahat ay nasa 1st floor ng ward office.)
Citizens Affairs Division ng Naka Ward Office	082-504-2550	Citizens Affairs Division Counter No. 6
Citizens Affairs Division ng Higashi Ward Office	082-568-7707	General Information
Citizens Affairs Division ng Minami Ward Office	082-250-8937	Support Corner sa mga Proseso para sa Naiwang Pamilya
Citizens Affairs Division ng Nishi Ward Office	082-532-0929	Citizens Affairs Division Counter No. 8
Citizens Affairs Division ng Asaminami Ward Office	082-831-4928	Citizens Affairs Division Counter No. 2
Citizens Affairs Division ng Asakita Ward Office	082-819-3907	Citizens Affairs Division Counter No. 5
Citizens Affairs Division ng Aki Ward Office	082-821-4908	Citizens Affairs Division Counter No. 2
Citizens Affairs Division ng Saeki Ward Office	082-943-9708	Support Corner sa mga Proseso para sa Naiwang Pamilya

* Depende sa nilalaman ng proseso, maaaring hindi matapos ang proseso sa corner sa isang puntahan.

* Hindi maisasagawa ang proseso ng konsultasyon tungkol sa pensyon atbp. na isinasagawa sa pension office. Kung kailangan ang ganitong proseso, mangyaring isagawa ang proseso sa malapit na pension office.

* Para sa mga detalye tulad ng mga bagay na dadalhin kapag magsasagawa ng proseso sa corner at iba pa, mangyaring magtanong sa Citizens Affairs Division ng ward office, o tingnan ang website ng Lungsod ng Hiroshima.

<https://www.city.hiroshima.lg.jp/living/owaka/1021360/1016871.html>



(3) Kapag nag-asawa

Notipikasyon	• Kailan isusumite • Sino ang sakop	Saan isusumite
Notipikasyon ng pag-aasawa	Walang deadline sa pagsusumite ng notipikasyon (Magiging mag-asawa sa pamamagitan ng pagsusumite ng notipikasyon ng pag-aasawa)	Citizens Affairs Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira *Maaaring magkaiba ang proseso depende sa nasyonalidad
National Health Insurance	- Sa loob ng 14 na araw mula sa araw kung kailan nag-asawa - Kasapi sa National Health Insurance	Insurance and Pension Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira
Long-term Care Insurance (<i>Kaigo Hoken</i>)	Sa loob ng 14 na araw mula sa pagbabago kapag nagbago ang pangalan o lugar na tinitirahan ng taong kasapi sa insurance	Welfare Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira

(4) Kapag nagdiborsyo

Notipikasyon	• Kailan isusumite • Sino ang sakop	Saan isusumite
Notipikasyon ng diborsyo	- Kung napagkasunduan ang diborsyo, walang deadline sa pagsusumite ng notipikasyon (Ipapatupad ang diborsyo sa pamamagitan ng pagsusumite ng notipikasyon ng diborsyo) - Sa loob ng 10 araw kung ibang kaso	Citizens Affairs Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira *Maaaring magkaiba ang proseso depende sa nasyonalidad
National Health Insurance	- Sa loob ng 14 na araw mula sa araw kung kailan nagdiborsyo - Kasapi sa National Health Insurance	Insurance and Pension Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira
Long-term Care Insurance (<i>Kaigo Hoken</i>)	Sa loob ng 14 na araw mula sa pagbabago kapag nagbago ang pangalan o lugar na tinitirahan ng taong kasapi sa insurance	Welfare Division ng ward office o branch office ng ward kung saan nakatira

Memo: Sistema ng Panunumpa ng Partnership sa Lungsod ng Hiroshima

Sa Lungsod ng Hiroshima, ipinapatupad ang "Sistema ng Panunumpa ng Partnership" kung saan kinikilala ng Lungsod ng Hiroshima na nagsumpaan <nanumpa> ang magkapareha na sexual minority para maging partner sa buhay ng isa't isa.

Wala itong legal na bisa tulad ng notipikasyon ng pag-aasawa, ngunit may ilang administratibong serbisyong maaaring gamitin (para sa mga katanungan: Human Rights Education Division TEL 082-504-2165).

<https://www.city.hiroshima.lg.jp/language/yasashii/1033426/1033449/1014606.html>



3 – 4 Medikal na Seguro (Medical o Health Insurance)

Sa Japan, mayroong sistema ng pampublikong medikal na seguro (o insurance) para panatag ang loob na makapagpagamot kapag nagkasakit o nagkaroon ng injury. Ang medikal na seguro ay hindi lamang para sa sariling kapakanan, kundi sistema ito ng pagsusuportahan ng lahat. Kailangang sumapi sa isa sa mga sumusunod na (1) – (3).

(1) Health Insurance

Ang mga taong tumutugma sa mga kondisyon tulad ng pagtatrabaho ng 20 oras o higit pa sa isang linggo, 88,000 yen o higit pang suweldo sa isang buwan, at iba pa, ay sasapi sa health insurance ng kumpanya o pinagtatrabahuhan.

Maaari ring sumapi sa health insurance ang nakatira sa Japan na pamilya ng taong kasapi sa health insurance.

Magtanong sa kumpanya kung maaaring sumapi sa health insurance.

(2) National Health Insurance

Ang mga taong pinahintulatang manatili sa Japan ng higit sa 3 buwan ay kinakailangang sumapi sa National Health Insurance ng Lungsod ng Hiroshima. Gawin ang proseso sa Insurance and Pension Division ng ward office (pahina 48) o branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira.

Subalit hindi maaaring sumapi ang mga napapailalim sa alinman sa mga sumusunod:

1. Taong "Designated Activities" ang status of residence, at napapailalim sa sumusunod
 - "Mga aktibidad kaugnay sa pagpapagamot" o "Mga aktibidad kaugnay sa pag-aasikaso sa araw-araw na pamumuhay ng nasabing tao"
 - "Mga aktibidad kaugnay sa turismo, paglilibang at iba pa" o "Asawang kasama ng nasabing tao"

* Mangyaring ipakita ng taong "Designated Activities" ang status of residence ang "Designation certificate" kung saan nakasaad ang detalye ng mga aktibidad
2. Taong kasapi sa health insurance sa kumpanya o pinagtatrabahuhan
3. Taong kasapi sa Late-stage Elderly Medical Care System (*Kōki Kōreisha Iryō Seido*)
4. Taong tumatanggap ng public assistance (*seikatsu hogo*)
5. Taong tumatanggap ng pampublikong suporta para sa Hapones na naiwan sa bansang Tsina
6. Taong mula sa bansang mayroong kasunduan bansang Hapon ukol sa social insurance kasama ang medical insurance, na nakatanggap ng sertipiko ng pagsapi sa social insurance mula sa pamahalaan ng kanilang bansa

(3) Late-stage Elderly Medical Care System (*Kōki Kōreisha Iryō Seido*)

Taong nasasaklaw sa insurance ng Late-stage Elderly Medical Care System ang mga napapailalim sa sumusunod:

1. Taong 75 taong gulang pataas
 2. Taong 65 hanggang wala pang 75 taong gulang, na tumanggap ng sertipikasyon na mayroong kapansanan sa nakatakdang antas sa Hiroshima Prefectural Association of Medical Care Services for Elderly Citizens. (Magtanong tungkol sa paraan ng proseso para sa sertipikasyon sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) o branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira.)
- Subalit hindi masasaklaw sa insurance ng Late-stage Elderly Medical Care System ang mga napapailalim sa sumusunod:
- Taong may status of residence na tatlong buwan pababa ang period of stay (Liban ang taong kinilala ng Hiroshima Prefectural Association of Medical Care Services for Elderly Citizens na mananatili nang lampas sa tatlong buwan.)
 - Taong nananatili sa status of residence na "Designated Activities" na "Mga aktibidad kaugnay sa pagpapagamot" o "Mga aktibidad kaugnay sa pag-aasikaso sa araw-araw na pamumuhay ng nasabing tao," o "Mga aktibidad kaugnay sa turismo, paglilibang at iba pa" o "Asawang kasama ng nasabing tao" ang nakatalagang aktibidad

- * Mangyaring ipakita ng taong "Designated Activities" ang status of residence ang "Designation certificate" kung saan nakasaad ang detalye ng mga aktibidad
- Taong tumatanggap ng public assistance (*seikatsu hogo*)
- Taong tumatanggap ng pampublikong suporta para sa Hapones na naiwan sa bansang Tsina

(4) Kapag pupunta sa ospital

Sa tanggapan ng ospital, mangyaring magpatala sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod:

1. Ilagay ang My Number card sa card reader, at sariling gawin ang pagpapatala.
Para sa magpapatala gamit ang My Number card, mangyaring irehistro para magamit ang My Number card bilang insurance card sa card reader sa ospital o iba pa.
2. Ipakita ang Health Insurance Eligibility Certificate (*shikaku kakunin-sho*) ng medical insurance kung saan kasapi, o iba pa sa tauhan sa tanggapan.
Ipapadala ang Health Insurance Eligibility Certificate sa mga taong hindi nagrehistro para magamit ang My Number card bilang insurance card mula sa medical insurance kung saan kasapi.
Para sa mga mayroong Health Insurance Eligibility Certificate, mangyaring ipakita ito sa tauhan sa tanggapan ng ospital.
Hanggang sa Disyembre 1, 2025, maaari ring gamitin ang insurance card. Para sa mga mayroong insurance card, mangyaring ipakita ito sa tauhan sa tanggapan ng ospital.

Mangyaring bayaran ang halagang sinabi ng ospital. At kung nagpaospital, mangyaring bayaran din ang halaga para sa pagkain at iba pa.

(5) Kapag may isinilang na anak o may namatay

Maaaring makatanggap ng pera kapag may isinilang na anak, o kapag namatay ang taong may medical insurance. Para sa mga detalye, mangyaring magtanong sa tanggapan ng konsultasyon ng kinauukulang medical insurance.

(Mangyaring magtanong tungkol sa National Health Insurance ng Lungsod ng Hiroshima sa Insurance and Pension Division ng ward office (pahina 48) o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira, o sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira kung tungkol sa Late-stage Elderly Medical Care System (*Kōki Kōreisha Iryō Seido*).)

Memo: Tulong sa gastusing medikal

Maaaring makatanggap ng tulong sa gastusing medikal ang mga taong kasapi sa medical insurance at napapailalim sa alinman sa mga sumusunod. Mangyaring magtanong sa Welfare Division (pahina 47) o sa Insurance and Pension Division (pahina 48) ng ward office ng ward kung saan nakatira.

- Kung nagpapalaki ng bata mula 0 taong gulang hanggang third year ng junior high school (hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos ng kaarawan kung kailan naging 15 taong gulang) (Welfare Division)
- Tahanan ng nag-iisang magulang na nagpapalaki ng bata (hanggang sa ika-31 ng Marso mula ng kaarawan kung kailan naging 18 taong gulang) (Welfare Division)
- Taong mayroong severe motor and intellectual disabilities (SMID) o taong may mental na kapansanan (Welfare Division)
- Kapag malaki ang ginastos sa pagpapagamot (Insurance and Pension Division)

(6) Bayad sa Insurance

Kailangang magbayad ng insurance premium ang mga taong kasapi sa medical insurance. Itinatakda ang insurance premium batay sa halaga ng income atbp. ng kasapi.

3 – 5 Long-term Care Insurance (*Kaigo Hoken*)

Sistema ang Long-term Care Insurance (*Kaigo Hoken*) kung saan maaaring gamitin ang serbisyo ng kinakailangang caregiving (*kaigo*) kung nangangailangan ng caregiving at suporta sa araw-araw na pamumuhay dahil sa pagkaratay (*netakiri*), dementia o iba pa.

(1) Taong sakop dito

Sasapi sa Long-term Care Insurance (*Kaigo Hoken*) ng Lungsod ng Hiroshima ang mga taong napapailalim sa lahat ng mga sumusunod na 1-3.

1. Dapat nakatira sa Lungsod ng Hiroshima.
2. Dapat mayroong period of stay sa visa, na tinatayang mananatili sa loob ng Japan nang higit sa tatlong buwan.

Subalit liban ang mga nananatili sa status of residence na "Designated Activities" na napapailalim sa sumusunod:

- "Mga aktibidad kaugnay sa pagpapagamot" o "Mga aktibidad kaugnay sa pag-aasikaso sa araw-araw na pamumuhay ng nasabing tao"
- "Mga aktibidad kaugnay sa turismo, paglilibang at iba pa" o "Asawang kasama ng nasabing tao."

3. Taong 40 taong gulang o higit pa

Kailangang sumapi sa pampublikong medical insurance ng Japan ang mga taong 40 taong gulang o higit pa na wala pang 65 taong gulang.

Padadalhan ng Lungsod ng Hiroshima ang mga taong 65 taong gulang o higit pa ng insurance card (para sa Long-term Care).

(2) Kung nais gamitin ang serbisyo ng caregiving

Una, mag-apply para sa sertipikasyon na nangangailangan ng caregiving sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira.

Maaaring gumamit ng serbisyo ng Long-term Care Insurance ang taong nakatanggap ng sertipikasyon na nangangailangan ng caregiving o na nangangailangan ng suporta. Subalit depende sa antas ng caregiving, mayroong serbisyong hindi maaaring gamitin.

Kapag gumamit ng serbisyo, bayaran ang 10-30% (Magbabago ang porsyentong ito ayon sa halaga ng income.) ng gastusin, sa prinsipyo.

Mayroong serbisyong maaaring gamitin kahit na walang sertipikasyon na nangangailangan ng caregiving. Para sa mga detalye, maaaring magtanong sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) ng ward kung saan nakatira.

(3) Bayad sa Insurance

Kailangang magbayad ng insurance premium ang mga taong kasapi sa Long-term Care Insurance (*Kaigo Hoken*).

Itinatakda ang insurance premium ng mga taong 65 taong gulang o higit pa batay sa halaga ng income atbp. ng kasapi.

Kukuwentahin ang insurance premium ng mga taong 40 taong gulang o higit pa na wala pang 65 taong gulang bilang bahagi ng insurance premium ng medical insurance kung saan sila kasapi.

3 – 6 Pensyon

Ang mga nakatira sa Japan na may edad na 20 taong gulang hanggang 59 taong gulang ay kailangang sumapi sa National Pension (*Kokumin Nenkin*) sa patakaran. Ang mga nagtatrabaho naman sa kumpanya atbp. ay sasapi sa Employees' Pension (*Kōsei Nenkin*).

(1) Proseso ng pagsapi

Mangyaring gawin ang proseso para sa National Pension sa Insurance and Pension Division ng ward office (pahina 48) o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira.

Subalit para sa mga sasapi sa Employees' Pension, at asawa na dependent ng taong sasapi sa Employees' Pension, mangyaring gawin ang proseso sa lugar kung saan nagtatrabaho, o sa lugar kung saan nagtatrabaho ang taong sumusuporta sa dependent.

(2) Bayad sa Pensyon

Kailangang magbayad ng mga taong kasapi sa National Pension ng bayad o kontribusyon sa pensyon.

Para sa mga nahihirapang magbayad ng kontribusyon dahil naghihirap sa pamumuhay, may sistema para sa partial o total exemption sa bayad sa pensyon. Para sa mga detalye, magtanong sa Insurance and Pension Division ng ward office (pahina 48) o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira.

(3) Mga Uri ng Matatanggap na Pensyon

Pensyon	Sino ang maaaring tumanggap
Pensyon para sa matatanda	Taong may edad na 65 taong gulang o higit pa na 10 taon o o higit pa ang panahon ng eligibility para tumanggap ng pensyon
Pensyon para sa may kapansanan	Taong nagkaroon ng nakatakdang sakit, injury o iba pa sa loob ng panahong kasapi sa National Pension
Pensyon para sa naiwang pamilya	Asawang may anak, o anak atbp ng taong namatay sa loob ng panahong kasapi sa National Pension

Para sa Pensyon para sa May Kapansanan o Pensyon para sa Naiwang Pamilya, kinakailangang masunod ang takdang kondisyon sa pagbabayad ng kontribusyon.

Para sa mga detalye, magtanong sa Insurance and Pension Division ng ward office (pahina 48) o sa branch office (pahina 46, liban sa Ninoshima branch office) ng ward kung saan nakatira.

(4) Kapag magbibitiw sa pensyon (Lump-sum withdrawal payment)

Makakatanggap ng lump-sum withdrawal payment ang taong napapailalim sa lahat ng mga sumusunod, kung nagbitiw siya sa National Pension o iba pa, at nag-claim sa loob ng dalawang taon mula ng pag-alis sa Japan. Itatakda ang halaga ng lump-sum payment ayon sa tagal ng panahong nagbayad ng kontribusyon sa pensyon.

- Walang nasyonalidad na Hapon o Japanese citizenship
- Nakapagbayad ng kontribusyon sa pensyon nang 6 na buwan o higit pa
- Walang address sa Japan
- Hindi pa nagkaroon ng karapatang tumanggap ng pensyon (Kabilang ang allowance para sa mga may kapansanan (*shōgai teate-kin*).)

Pagkatapos umalis sa Japan, mangyaring ilakip ang mga kinakailangang dokumento para mag-claim sa Japan Pension Service.

[Mga Kinakailangang Dokumento]

- Claim Form para sa Lump-Sum Withdrawal Payment (*dattai ichiji-kin seikyūsho*), dokumento kung saan makukumpirma ang basic pension number (tulad ng pension book (*nenkin techō*), notipikasyon ng basic pension number, atbp.)
- Kopya ng pasaporte (pahina kung saan makukumpirma ang pangalan, petsa ng kapanganakan, nasyonalidad, pirma, at status of residence)
- Dokumento kung saan makukumpirma ang pangalan ng bangko, account number, atbp.

Tungkol sa sistema ng pensyon sa Japan, mangyaring tingnan ang website ng Japan Pension Service para sa mga detalye.

Sa international version ng website ng Japan Pension Service, nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pensyon sa wikang Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Portuguese, Espanyol, Rosya, Indonesya, Tagalog, Thai, Biyetnamis, Burmis, Cambodia, Nepali at Mongolia.

International version <https://www.nenkin.go.jp/international/index.html>



Japan Pension Service (日本年金機構)

(〒168-8505 3-5-24 Takaido-nishi, Suginami-ku, Tokyo-to)

TEL 0570-05-1165

* Kapag tatawag sa teleponong nagsisimula sa 050 o mula sa ibang bansa, mangyaring tumawag sa numero sa ibaba.

TEL 03-6700-1165 (kapag teleponong nagsisimula sa 050)

TEL +81-3-6700-1165 (kapag mula sa ibang bansa)

3 – 7 Buwis

(1) Buwis sa Japan

Sa buwis sa Japan, mayroong national tax na kinokolekta ng pambansang pamahalaan, at local tax na kinokolekta ng prepektura o munisipalidad.

National Tax		Income tax, corporate tax, inheritance tax, consumption tax, atbp.
Local Taxes	Prefectural Taxes	Prefectural resident tax, automobile tax, local consumption tax, atbp.
	Municipal Taxes	Municipal resident tax, property tax, light vehicle tax, atbp.

* Mangyaring magtanong sa tax office tungkol sa national tax, at sa prefectural taxation office tungkol sa prefectural tax.

(2) Income tax

1. Tungkol sa income tax

Babayaran ito ng taong may suweldo at iba pang kita. Itatakda kung magkano ang babayaran batay sa suweldo at iba pang natanggap sa isang taon mula Enero 1 hanggang Disyembre 31.

2. Paraan ng pagbabayad ng income tax

<Withholding Tax>

Ang kumpanya o iba pa ang nagbabayad nito buwan-buwan (Tinatawag na withholding tax ang paraan ng pagbabayad na ito).

- Binabayaran ang buwis mula sa kinakaltas sa inyong suweldo.

- Kinakalkula tuwing Disyembre para malaman kung sobra o kulang ang binayaranang buwis mula Enero hanggang Nobyembre (Tinatawag itong year-end adjustment.). Kung sumobra, ibabalik ang buwis na iyon kasama ng inyong suweldo sa Disyembre.

<Final Tax Return>

Sariling magsumite ng mga dokumento ang mga taong walang withholding tax o year-end adjustment sa kumpanya o iba pa. (Tinatawag itong final tax return.).

- Isumite ang mga dokumento sa tax office ng ward kung saan nakatira sa pagitan ng Pebrero 16 hanggang Marso 15 ng taong sumunod sa taon kung kailan nagtrabaho.

- Babayaran ito sa convenience store, bangko, post office, online, atbp.

(3) Municipal Resident Tax at Prefectural Resident Tax (Resident Tax)

1. Tungkol sa resident tax

Sama-samang tinatawag na "resident tax" ang resident tax at prefectural resident tax ng bawa't isa, at dapat itong bayaran kasama ng pambansang buwis na forest environment tax.

$$\text{Municipal Resident tax} + \text{Prefectural Resident tax} = \text{Resident Tax}$$

Binabayaran ang Resident Tax ng mga taong may address sa Japan sa unang araw ng Enero ng tinutukoy na taon at may income noong nakaraang taon.

Ang halaga ng Resident Tax ang pinagsamang "rate batay sa income" na itinatakda ayon sa income sa loob ng nakaraang isang taon, at "flat rate" na nakatakdang halaga na walang kinalaman sa laki o liit ng income.

$$\text{Halaga ng Resident Tax} = \text{Rate batay sa income} + \text{Flat rate}$$

Para sa mga detalye, tingnan ang website ng Lungsod ng Hiroshima (<https://www.city.hiroshima.lg.jp/language/yasashii/1033430/1014611.html>) o magtanong sa Municipal Tax Office (Municipal Tax Section) o Tax Affairs Section (pahina 49).



2. Paraan ng pagbabayad ng resident tax

May paraan kung saan kinakaltas ng kumpanya o iba pa ang buwis mula sa inyong suweldo at sila ang nagbabayad sa lungsod, o paraan kung saan kayo mismo ang magbabayad. Kung kayo mismo ang magbabayad, padadalhan kayo ng paunawa mula sa lungsod. Basahin ang nilalaman noon, at bayaran ang buwis nang hindi lalampas sa deadline, sa convenience store, bangko, post office, o iba pa. Maaari ring magbayad online, gamit ang credit card, payment app sa smartphone, o iba pa.

3. Kapag hindi nagbayad ng resident tax

Kung hindi binayaran ang resident tax at iba pang buwis hanggang sa deadline, bukod sa halaga ng naturang buwis, dapat ding bayaran ang multa sa pagkahuli ng pagbabayad (*entai-kin*). Maaari ring sumailalim sa parusa para sa matagalang hindi pagbabayad tulad ng pagsamsam o iba pa ng suweldo at iba pang ari-arian. Mangyaring bayaran ang buwis hanggang sa deadline upang hindi magkaganito.

Para sa mga detalye, tingnan ang website ng Lungsod ng Hiroshima <https://www.city.hiroshima.lg.jp/site/english/18862.html> (English site), o magtanong sa Collection Planning Section (pahina 50) na namamahala sa ward kung saan nakatira.



Memo: Tax Agreement

Para sa mga:

- estudyante

- vocational trainee (taong sumasailalim sa training sa kumpanya atbp.) o iba pa

na mula sa bansang mayroong tax agreement sa Japan <pakikipagkasunduan sa pagitan ng mga bansa tungkol sa buwis>, kapag natupad ang mga kondisyon, maaaring ma-exempt sa income tax, resident tax at iba pa. Kailangan ang pagsusumite ng magkabukod na notipikasyon para sa income tax at para sa resident tax upang makatanggap ng exemption. Hindi makatanggap ng exemption sa residence tax at iba pa sa pamamagitan ng notipikasyon para sa income tax lamang.

(4) Fixed Assets Tax at City Planning Tax

1. Tungkol sa Fixed Assets Tax

Babayaran ang fixed assets tax ng taong nagmamay-ari ng sumusunod (Sama-samang tinatawag na fixed assets ang mga ito.) sa Lungsod ng Hiroshima sa Enero 1 ng bawat taon.

- Lupain
- Gusali (bahay o apartment, condominium, building, tindahan at iba pa)
- Kagamitang ginagamit sa trabaho (makina, tools, bangka at iba pa)

Itatakda kung magkano ang babayaran batay sa halaga at iba pa ng pag-aaring fixed assets.

2. Tungkol sa City Planning Tax

Babayaran ang city planning tax ng taong nagmamay-ari ng lupain o gusali sa loob ng urbanisadong distrito (lugar kung saan maraming mga bahay at tindahan) sa Lungsod ng Hiroshima sa Enero 1 ng bawat taon.

Itatakda kung magkano ang babayaran batay sa halaga at iba pa ng pag-aaring lupain o gusali.

Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website ng Lungsod ng Hiroshima (<https://www.city.hiroshima.lg.jp/language/yasashii/1033430/1014610.html>), o magtanong sa Municipal Tax Office (Land Section o House Section) o sa Tax Affairs Section (pahina 49) na namamahala sa ward kung nasaan ang fixed assets.



3. Paraan ng Pagbabayad ng Fixed Assets Tax at City Planning Tax

Ipapadala sa inyo ng Lungsod ng Hiroshima ang paunawa tungkol sa fixed assets tax at city planning tax sa bandang Abril.

Mangyaring tingnan ang nilalaman noon, at bayaran ang buwis sa convenience store, bangko, post office o iba pa hanggang sa deadline. Maaari ring magbayad online gamit ang credit card, payment app sa smartphone, at iba pa.

Kapag ginawa ninyo ang proseso para sa account transfer (paraan ng awtomatikong pagbabayad mula sa savings account), awtomatikong mababayaran mula sa account sa araw ng deadline.

(5) Automobile Tax / Light Motor Vehicle Tax

1. Rate para sa environmental performance

- Kapag bumili ng sasakyan, madalas na binabayaran ito kasabay ng bayad para sa sasakyan sa dealer.
- Itinatakda kung magkano ang babayaran batay sa uri ng biniling sasakyan at iba pa.

2. Rate ayon sa klasipikasyon

- Binabayaran ito ng taong nagmamay-ari ng sariling sasakyan sa Abril 1 ng bawat taon.
- Babayaran ang “automobile tax classification rate” para sa mga sasakyan na may engine displacement na higit sa 660 cc, at para naman sa mga sasakyan na 660 cc pababa, babayaran ang “light motor vehicle tax classification rate.”
- Ipapadala sa inyo ng Lungsod ng Hiroshima o ng Hiroshima Prefecture sa bandang Mayo ang liham kung saan nakasulat kung magkano ang babayaran. Itinatakda kung magkano ang babayaran batay sa klasipikasyon ng sasakyan at iba pa.
- Mangyaring magbayad sa convenience store, bangko, post office, o online (hanggang sa araw na nakasulat sa liham).
- Maaari ring magbayad online gamit ang credit card, payment app sa smartphone, at iba pa.

Kapag aalis sa Japan, tulad ng uuwi sa sariling bansa, maglilipat sa ibang bansa, at iba pa, kailangan ang mga sumusunod na proseso.

(1) Mga Proseso kaugnay sa Tirahan

1. Pabahay

- Municipal housing

Kapag maglilipat ang taong nakapangalan bilang tenant na nakatira sa municipal housing, kapag natakda na ang paglilipat, mangyaring magtanong sa Architecture Division ng ward office (pahina 46) ng ward kung saan kayo nakatira.

- Apartment o Condominium (tirahan liban sa municipal housing)

Kapag natakda na ang paglilipat, mangyaring magtanong sa ahente ng real estate kung saan umupa nang hindi lalampas sa deadline na nakasulat sa inyong kontrata.

2. Basura

Sa karaniwang pagkolekta ng basura sa Lungsod ng Hiroshima, hindi maaaring sabay-sabay na itapon ang maraming basura mula sa paglilipat at iba pa. Mangyaring sarili ninyong dalhin sa pasilidad ng pagpoproseso na itinalaga ng Lungsod ng Hiroshima, o hilingin ang pagkolekta sa kumpanyang binigyan ng pahintulot ng Lungsod ng Hiroshima. Kung sariling dadalhin ang basura, nakatakda ang pagdadalhan ayon sa uri ng basura. Mangyaring tingnan ang website ng Lungsod ng Hiroshima para sa mga detalye.

Hindi naman maaaring sariling dalhin ang mga PET bottle, nare-recycle na plastik, at nakapipinsalang basura. Mangyaring hilingin ang pagkolekta sa kumpanyang binigyan ng pahintulot ng Lungsod ng Hiroshima.

<https://www.city.hiroshima.lg.jp/language/yasashii/1033430/1014610.html>



Kung hindi marami ang basura, mangyaring tingnan ang wastong paraan ng pagtapon ng basura mula sa tahanan (pahina 58), at itapon iyon sa araw ng pagkolekta sa distrito kung saan kayo nakatira. Para sa malalaking basura, mangyaring maagang maghanda dahil kailangan ang pagpapareserba para rito.

3. Serbisyo ng Tubig

Mangyaring makipag-ugnayan sa "Sentro ng Tanggapan para sa mga Kostumer na Maglilipat" sa Hiroshima City Waterworks Bureau (TEL 082-511-5959) nang hindi lalampas sa 3-4 na araw bago ng araw kung kailan nais ipahinto ang tubig.

Maaari ring mag-apply mula sa website ng Waterworks Bureau (Mangyaring tingnan din ang pahina 3 at 4 tungkol sa tubig, kuryente at gas).

<https://www.water.city.hiroshima.lg.jp/soshiki/5/401.html>



(2) Notipikasyon ng Paglipat ng Residence Certificate (*jūmin-hyō*)

Bago maglipat, magsumite ng "notipikasyon ng paglipat sa labas ng lungsod (*tenshutsu todoke*)" sa Citizens Affairs Division ng ward office o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan kayo nakatira (Mangyaring tingnan ang pahina 10 at 11 tungkol sa paglilipat.). Dalhin ang inyong residence card o special permanent resident certificate, at ang My Number card (kung mayroon).

(3) Mga Proseso kaugnay sa Pagpapalaki ng Anak

1. Child allowance

Para sa mga taong tumatanggap ng child allowance, bago maglipat, mangyaring magtanong sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan kayo nakatira.

2. Nursery school (*hoiku-en*)

Para sa mga taong may anak na pumapasok sa nursery school, bago maglipat, mangyaring magsumite ng "notipikasyon ng pag-alis sa nursery (*tai-en todoke*)" sa pinapasukang nursery school. Maaaring makakuha ng form para sa "notipikasyon ng pag-alis sa nursery" sa nursery school o sa Welfare Division ng ward office (pahina 47).

3. Child rearing allowance

Para sa mga taong tumatanggap ng child rearing allowance, bago maglipat, mangyaring dalhin ang sertipiko ng child rearing allowance sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) ng ward kung saan kayo nakatira.

4. Tulong sa medikal na gastusin para sa anak

Para sa mga taong tumatanggap ng tulong sa medikal na gastusin para sa anak, bago maglipat, mangyaring isauli ang sertipiko ng tagatanggap ng medikal na gastusin ng anak sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan kayo nakatira.

5. Tulong sa medikal na gastusin ng tahanan ng single parent atbp.

Para sa mga taong tumatanggap ng tulong sa medikal na gastusin ng tahanan ng single parent atbp., bago maglipat, mangyaring isauli ang sertipiko ng tagatanggap ng medikal na gastusin ng tahanan ng single parent atbp. sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan kayo nakatira.

(4) Mga Proseso kaugnay sa Insurance at Pensyon

1. Health insurance

Bago maglipat, mangyaring isagawa ng mga kasapi sa National Health Insurance ang proseso ng pagbibitiw (*dattai*) sa Insurance and Pension Division ng ward office (pahina 48) o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira. Para sa proseso ng pagtigil mula sa National Health Insurance, mangyaring dalhin ang (1) My Number card (bagay kung saan matitiyak ang identipikasyon ng taong magtitigil), at (2) National Health Insurance Eligibility Certificate (kung mayroon nito).

Para sa mga taong kasapi sa health insurance ng kumpanya, mangyaring itanong sa kumpanya kung may kailangang proseso (Mangyari ring tingnan ang pahina 15 tungkol sa health insurance.).

2. Long-term care insurance (*kaigo hoken*)

- Para sa mga taong 40 taong gulang o higit pa na inisyuhan ng long-term care insurance certificate, bago maglipat, mangyaring dalhin ang long-term care insurance certificate sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan kayo nakatira.

- Para sa mga taong kinilala ng Lungsod ng Hiroshima bilang nangangailangan ng long-term care (*yō-kaigo*) o nangangailangan ng suporta (*yō-shien*) at inisyuhan ng Sertipiko ng porsyento ng papasanin gamit ang long-term care insurance (*kaigo hoken futan wariai-shō*), Sertipiko ng limit sa halagang papasanin gamit ang long-term insurance (*kaigo hoken futan gendo nintei-shō*) o iba pa, bago maglipat, mangyaring dalhin ang Sertipiko ng porsyento ng papasanin gamit ang long-term care insurance, Sertipiko ng limit sa halagang papasanin gamit ang long-term insurance o iba pa, sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan kayo nakatira.

3. Pensyon

Bago maglipat, mangyaring isagawa ng mga kasapi sa National Pension ang proseso ng pagtitigil (*dattai*) sa Insurance and Pension Division ng ward office (pahina 48) o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira. Para sa mga taong kasapi sa Employees' Pension ng kumpanya, mangyaring itanong sa kumpanya kung may kailangang proseso (Mangyaring tingnan din ang pahina 18 tungkol sa pensyon.).

(5) Mga Proseso kaugnay sa Buwis

1. Income tax (buwis na ibinabayad sa pambansang pamahalaan)

Para sa mga taong kailangang mag-file ng final tax return, bago umalis ng Japan, i-file ang final tax return at bayaran ang income tax. Mangyaring magtanong sa tax office para sa mga detalye.

2. Residence tax (buwis na ibinabayad sa prefecture at lungsod)

Mangyaring magtalaga ng taong magbabayad sa ngalan ninyo (tax agent). Mangyaring magtanong sa Resident Tax Section o Tax Affairs Section ng Municipal Tax Office (pahina 49) para sa mga detalye.

3. Fixed Assets Tax at City Planning Tax

Mangyaring magtalaga ng taong magbabayad sa ngalan ninyo (tax agent). Mangyaring magtanong ang mga taong nagmamay-ari ng lupain o gusali sa loob ng Lungsod ng Hiroshima sa Land Section o Tax Affairs Section ng Municipal Tax Office (pahina 49) na namamahala sa ward kung nasaan ang fixed assets.

* Mangyaring tingnan din ang pahina 19-21 tungkol sa buwis.

(6) Iba pang Mahahalagang Proseso

1. Pagsasauli ng sertipiko ng pagrehistro ng inkan o pantatak

Bago maglipat, isumite ang "Sertipiko ng Pagrehistro ng Inkan (*Inkan Tōroku-shō*)" sa Citizens Affairs Division ng ward office o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan kayo nakatira.

2. Pagsasauli ng residence card (kung uuwi sa sariling bansa)

Kapag aalis na sa Japan, isauli ito sa airport o port (Mangyaring tingnan din ang pahina 9 tungkol sa residence card.).

3. Pagsasara ng bank account sa Japan

Bago umalis sa Japan, mangyaring isara ang bank account. Mangyaring magtanong sa bangko kung saan kayo may account para sa mga detalye.

4. Pagkansela ng cellphone sa Japan

Para sa mga taong kumuha ng kontrata para sa cellphone service sa Japan, mangyaring ikansela ang cellphone bago umalis sa Japan. Mangyaring magtanong sa kumpanyang kakontrata sa cellphone service para sa mga detalye.

5. Pagkansela ng internet

Bago umalis sa Japan, mangyaring magtanong sa kakontrata ninyong internet provider.

Memo: Pagrehistro ng Inkan o Pantatak

Sa Japan, ginagamit na katulad ng pirma ang inkan/hanko o pantatak kung saan nakaukit ang sariling apelyido o pangalan. Tinatawag na "*jitsu-in*" ang hanko (inkan) o pantatak na opisyal na nakarehistro, at sa pamamagitan ng pagtatak ng *jitsu-in* at sertipiko ng pagrehistro noon, makukumpirma ang aksyon ng may-ari sa ilalim ng batas.

Kung nais magrehistro ng inkan o pantatak, mangyaring dalhin ang hanko (inkan) o pantatak na irehistro at ang Residence Card o Special Permanent Resident Certificate sa Citizens Affairs Division ng ward office o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira.

Depende sa hanko (inkan) o pantatak, mayroong hindi maaaring irehistro. Para sa mga detalye, mangyaring magtanong sa Citizens Affairs Division ng ward office o sa branch office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira.

4 Suporta sa Pamumuhay

4 – 1

Kapag Nagkasakit o Nagka-injury (Ospital / Klinika), Pag-iwas sa Nakakahawang Sakit



(1) Kapag Nagkasakit o Nagka-injury

Kapag nagkasakit o nagka-injury, dalhin ang insurance card (*hokensho*) at pambayad, at magpunta sa ospital o klinika. Mangyaring tiyakin kung may departamentong tumutugon sa mga sintomas, at kung mula anong oras hanggang anong oras maaaring magpatingin.

Dahil maaaring hindi nakakaintindi ng wikang banyaga sa ilang ospital at klinika, kung maaari, magpunta na may kasamang taong nakakapagsalita ng Nihongo.

Departamentong Medikal	Serbisyong Medikal
Internal Medicine	Kapag masama ang pakiramdam ng katawan tulad ng lagnat, ubo at sipon atbp.
Surgery	Kapag nagka-injury, o magpapa-opera para gamutin ang sakit o injury
Pediatrics	Kapag may sakit ang sanggol o bata
Orthopedics	Kapag nabalian ng buto, o masakit ang mga kasukasuan, muscles atbp.
Otorhinolaryngology	Kapag may sakit sa tainga, ilong, o lalamunan
Ophthalmology	Kapag may sakit sa mata
Dermatology	Kapag may sakit sa balat
Dentistry	Kapag masakit ang ngipin
Obstetrics and Gynecology	Kapag buntis, manganganak atbp.

Memo 1: Magkaroon ng regular na doktor

Ang regular na doktor ang doktor sa malapit na klinika (ospital, clinic o iba pa) kung saan maaaring regular na magkonsulta tungkol sa kalusugan, o magpatingin kapag nagkasakit o nagka-injury.

Memo 2: AMDA Medical Information Center (NPO)

Ang AMDA Medical Information Center (NPO) ay tumatanggap ng konsultasyon sa wikang banyaga tungkol sa mga pamamaraan sa ospital, at iba pa.

<https://www.amdamedicalcenter.com/> TEL 03-6233-9266



Memo 3: Medical Information Net (NABII)

Sa website ng Medical Information Net (NABII), nagbibigay ng impormasyon tungkol sa doktor na on-duty sa holiday at sa gabi, at iba pa, sa wikang Ingles. Maaari ring maghanap ng ospital at klinika na maaaring tumugon sa wikang banyaga.

<https://www.iryuu.teikyouseido.mhlw.go.jp/znk-web/juminkanja/S2300/initialize>



Emergency medical care sa holiday o sa gabi

Mangyaring tingnan ang pahina 53 para sa mga pang-emergency na institusyong medikal na bukas sa holiday o sa gabi.

Subalit para sa pagtanggap ng mga pasyenteng matindi ang emergency.

Kung magpapatingin sa holiday o sa gabi, mangyaring pag-isipan nang mabuti kung hindi ba maaaring magpatingin sa karaniwang oras sa weekday.

(2) Pag-iwas sa Nakakahawang Sakit**1. Paghuhugas ng kamay**

Kapag umuwi sa bahay o bumalik sa lugar ng trabaho mula sa labas, kapag magluluto, bago kumain, pagkatapos pumunta sa toilet, at iba pa, mangyaring gumamit ng sabon para hugasan ang mga kamay. Pagkatapos maghugas gamit ang sabon, banlawan nang husto ng tubig. Pagkatapos maghugas ng kamay, punasan ang kamay gamit ang malinis na tuwalya o iba pa.

2. Etiketa sa pag-ubo

Ang "etiketa sa pag-ubo" ang pagtakip sa bibig o ilong gamit ang face mask, tissue, panyo o iba pa kapag uubo o babahing, upang hindi mahawahan ang mga tao sa paligid ng sipon o iba pang sakit.

Kapag uubo o babahing, mangyaring sundin ang mga sumusunod:

- Mangyaring magsuot ng face mask.
- Kapag walang face mask, mangyaring takpan ang bibig at ilong gamit ang tissue o panyo, manggas ng damit, loob ng jacket o iba pa.

4 – 2 Kalusugan at Welfare

Ang bawat dibisyon sa ward office ay nagbibigay ng iba't ibang serbisyo kaugnay sa kalusugan at welfare.

Namamahalang dibisyon	Mga tinatalakay sa konsultasyon	
Mutual Community Support Division	Tanggapan para sa pangkalahatang konsultasyon	Kaugnay sa kalusugan, medikal na serbisyo, at welfare
	Konsultasyon tungkol sa kalusugan at pagsusuri ng kalusugan ng mga adult at matatanda	Konsultasyon tungkol sa kalusugan tulad ng obesity, high blood pressure, at iba pa, konsultasyon tungkol sa ngipin; pagsusuri ng AIDS at konsultasyon, screening ng tuberculosis, cancer, atbp.
	Konsultasyon ng buntis at bagong panganak na ina, tungkol sa sanggol, at pag-aalaga ng anak (panganganak at pagpapalaki ng anak)	Maternal ang child health handbook, pagsusuri sa kalusugan ng sanggol, klase sa pag-aalaga ng sanggol, atbp.
	Konsultasyon tungkol sa anak	Relasyon ng magulang at anak, hindi pagpasok sa paaralan, paglalakwatsa o iba pang masamang asal, pagma-mature, pag-aalala sa pang-abuso, atbp.
	Konsultasyon tungkol sa pagbabakuna	Pagbabakuna ng anak, bakuna laban sa trangkaso para sa matatanda, atbp.
	Konsultasyon tungkol sa mental health at welfare	Kalusugan ng isip at damdamin atbp.
Welfare Division	Konsultasyon tungkol sa medikal na serbisyo at welfare para sa matatanda	Late-stage elderly medical care system (kōki kōreisha iryō seido)
	Konsultasyon tungkol sa long-term care insurance	Pagkilala ng nangangailangan ng long-term care, assessment ng bayad sa insurance, atbp.
	Konsultasyon tungkol sa welfare para sa mga bata	Pagpasok sa nursery school at iba pa, tulong sa medikal na gastusin para sa anak, child allowance (<i>jidō teate</i>), atbp.
	Konsultasyon tungkol sa welfare para sa mga tahanan ng single parent	Tulong sa gastusing medikal ng tahanan ng single parent atbp., child rearing allowance, atbp.
	Konsultasyon tungkol sa welfare para sa mga taong may kapansanan sa isip at katawan	Sertipiko ng taong may pisikal na kapansanan, sertipiko para sa intelektuwal na kapansanan, sertipiko para sa kalusugan at welfare ng taong may mental na kapansanan, paggamot na susuporta sa kasarinlan (paggamot sa pamamagitan ng pagpunta sa mental hospital o clinic, rehabilitation care, developmental care) atbp.
Family and Health Services Division	Konsultasyon ng taong nahihirapan sa araw-araw na pamumuhay	Public assistance (<i>seikatsu hogo</i>) atbp.
Insurance and Pension Division	Konsultasyon tungkol sa National Health Insurance at pensyon	National Health Insurance, gastusin sa pagpapagamot at malaking halaga ng gastusin sa pagpapagamot, National Pension, atbp.

Kung may problema o may hindi maintindihan, magtanong sa dibisyong namamahala. Para sa contact information ng bawat dibisyon, mangyaring tingnan ang pahina 46-48.

Para sa mga hindi nakakaintindi ng Nihongo, makipag-ugnayan sa "Consultation Counter para sa mga Dayuhan ng Lungsod ng Hiroshima at Aki-gun" (TEL 082-241-5010).

4 – 3 Pag-aalaga ng Anak (Panganganak at Pagpapalaki ng Anak)

(1) Kapag buntis at nanganak

Kapag nagbubuntis, mangyaring gawin ang proseso sa Mutual Community Support Division ng ward office (pahina 47). At mangyaring pumunta sa ospital para sumailalim sa health checkup para sa mga buntis para malaman kung malusog ang sanggol sa sinapupunan.

Para sa mga proseso kapag isinilang ang anak, mangyaring tingnan ang pahina 12.

1. Maternal ang child health handbook

Nagbibigay ng maternal and child health handbook kung saan magtatala kaugnay sa pagbubuntis, panganganak (kapag isinilang ang anak) at pag-aalaga ng anak (pagpapalaki ng isinilang na anak) upang mapangasiwaan ang kalusugan ng ina at anak. Mayroong handbook na nakasulat sa Ingles, Intsik, Tagalog, Thai, Koreano, Portuguese, Espanyol, Indonesian, at Vietnamese.

Maaaring tumanggap ng serbisyo gamit ang mga napapaloob na tiket para sa health checkup at tiket para sa pagbabakuna.

2. Ayudang pansuporta sa nagbubuntis

Bibigyan ang mga nagbubuntis ng ayuda para magamit para bumili ng mga gagamitin sa panganganak (kapag isinilang ang anak) at pag-aalaga ng anak (pagpapalaki ng isinilang na anak), o sa serbisyong pansuporta sa pagpapalaki ng anak. Para sa mga detalye, magtanong sa Mutual Community Support Division ng ward office (pahina 47) ng ward kung saan nakatira.

3. Health checkup

Ipasailalim ang anak sa health checkup upang matiyak kung lumalaki siya nang malusog.

Checkup	Kailan	Saan at Paano
General health checkup para sa mga sanggol (health checkup para sa 1-month-old baby)	Mula 28 araw hanggang sa araw bago ng ika-6 na linggo pagkapanganak	Institusyong medikal Ipakita ang Maternal and Child Health Handbook at Supplemental Booklet for the Maternal and Child Health Handbook
General Health Checkup para sa mga sanggol	Dalawang beses hanggang sa unang kaarawan ng bata	
Health checkup para sa 4-month-old baby	Ipapadala ang notipikasyon mula sa Lungsod ng Hiroshima	
Health checkup para sa 1-year-6-month-old baby		
Health checkup para sa 3 taong gulang na bata		

4. Tulong sa medikal na gastusin para sa anak

Magbibigay ng tulong sa medikal na gastusin sa outpatient care at pagpapaospital para sa mga bata mula 0 taong gulang hanggang 3rd year ng junior high school (hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos ng kaarawan kung kailan naging 15 taong gulang).

Hindi sakop dito ang mga malaki ang income.

5. Child Allowance

Makakatanggap ng child allowance ang mga taong nagpapalaki ng bata mula 0 taong gulang hanggang sa hanggang sa edad ng senior high school student (hanggang sa unang Marso 31 pagkatapos ng kaarawan kung kailan naging 18 taong gulang). Para sa mga detalye, mangyaring magtanong sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) ng ward kung saan nakatira.

(2) Nursery School at Kindergarten

Sa Japan, nagsisimula ang compulsory education mula sa edad na 6 na taong gulang (pahina 29).

Bilang pasilidad para sa mga batang wala pa sa edad na ito, mayroong mga nursery school, kindergarten, at iba pa.

1. Nursery School (*Hoikuen*) atbp.

Lugar ito para sa daycare ng mga bata kapag hindi maaalagaan daytime ang bata sa tahanan dahil nagtatrabaho, may sakit, o iba pa ang magulang ng bata.

Sa patakaran, kailangang gawin ang proseso ng pag-apply nang hindi lalampas sa ika-10 ng buwan bago ng buwan kung kailan nais ipasok ang bata sa nursery school (Liban kung nais ipasok ang anak sa Marso o Abril.).

Tungkol sa pag-apply para sa pagpasok at bayad sa nursery school, mangyaring magtanong sa Welfare Division ng ward office (pahina 47) ng ward kung nasaan ang nursery school at iba pa kung saan nais ipasok ang bata.

Pasilidad	Edad ng bata	Paliwanag
Nursery school (<i>Hoikuen</i>)	0 taong gulang hanggang bago pumasok sa elementary school	Nakatalagang bilang: 20 bata o higit pa
Certified Child Care Center (<i>Nintei-Kodomo-en</i>)		Pasilidad na mayroong kindergarten at nursery school
Small day-care center		Nakatalagang bilang: 6-19 na bata
Daycare facility sa loob ng opisina ng kumpanya	0 hanggang 2 taong gulang	Pasilidad na nilikha ng kumpanya para sa kanilang empleyado Tumatanggap ng mga bata sa komunidad o distrito

URL ng website (Gabay sa Mga Nursery School atbp.) tungkol sa pagpasok sa nursery school atbp.

<https://www.city.hiroshima.lg.jp/living/kosodate/1021251/1025852/1003487.html>



2. Kindergarten

Pasilidad na pang-edukasyon para sa mga bata bago pumasok sa elementary school. Mayroong municipal at private na kindergarten.

Ang mga municipal kindergarten ay para sa mga batang may 4 hanggang limang taong gulang (Kasama rin ang mga batang 3 taong gulang sa tatlong kindergarten na Moto-machi, Ochiai, at Funakoshi). Isinasagawa ang pagtanggap ng mga aplikasyon ng mga batang 3-4 taong gulang sa Oktubre bago ng pasukan. Sa karaniwan, sa Abril ang pasukan sa kindergarten, ngunit kung may bakante, tinatanggap ang aplikasyon para pumasok kahit kailan. Kaugnay sa mga municipal kindergarten, mangyaring magtanong sa Teacher Supervisory Division I ng Board of Education (TEL 082-504-2784).

Karamihan naman sa mga private kindergarten ay para sa mga batang 3 hanggang 5 taong gulang. Kung nais ipasok ang anak sa private kindergarten, mangyaring direktang magtanong sa kindergarten kung saan nais ipasok ang anak.

4 – 4 Edukasyon

Ang compulsory education sa Japan ay binubuo ng elementary school (6-12 taong gulang) at junior high school (12-15 taong gulang).

Sa mga nais tumuloy sa mas mataas na edukasyon, kapag pumasa ng pagsusulit, maaaring magpatuloy sa pag-aaral nang 3 taon sa senior high school, 4 na taon sa unibersidad (2 taon kung junior college), at iba pa.

Kahit saang paaralan, ang school year ay nagsisimula sa Abril at natatapos sa Marso ng sumunod na taon.

Mayroong pambansa, pampubliko (prefectural at municipal) at pribadong uri ng paaralan.

(1) Elementary School, Junior High School, Special Needs School

Maaaring pumasok sa municipal elementary, junior high school, at special needs school na walang kinalaman sa kakayahan sa wikang Hapon o Nihongo, ngunit ang lahat ng klase ay isinasagawa sa Nihongo. Nakatalaga ang paaralan kung saan papasok ayon sa lugar kung saan nakatira.

Hindi kailangan ang bayad para sa matrikula, ngunit mayroong kailangang bayaran sa pagkain at materyales para sa pag-aaral.

Nasa ibaba ang mapagtatanganan kung nais pumasok sa municipal school.

Elementary at Junior High School	Citizens Affairs Division ng ward office (pahina 46) ng ward kung saan nakatira o sa School Affairs Division, Board of Education ng Lungsod ng Hiroshima (TEL 082-504-2975)
Special Needs School	Youth General Consultation Center (TEL 082-504-2197)

Memo 1: Mga nahihirapan sa pambayad para papasukin ang anak sa paaralan

Ang Lungsod ng Hiroshima ay nagbibigay ng tulong para sa gastusing kinakailangan sa pag-aaral (tulong sa pagpasok sa paaralan) para sa mga nahihirapan sa pambayad para papasukin ang anak sa paaralan. Para sa mga detalye, mangyaring magtanong sa pinapasukang paaralan o sa School Affairs Division, Board of Education ng Lungsod ng Hiroshima (TEL 082-504-2469).

Memo 2: Mga hindi makakapag-alaga sa anak sa bahay pagkatapos ng klase sa elementary school

Para sa mga hindi makakapag-alaga sa kanilang anak sa tahanan pagkatapos ng klase sa elementary school dahil nagtatrabaho ang mga magulang ng bata o iba pa, maaaring paalagaan ang bata sa after-school children's club (Para sa mga katanungan: After-School Care Division, Children's Outlook Bureau ng Lungsod ng Hiroshima TEL 082-242-2014, o sa Community Revitalization Division ng ward office ng ward kung saan nakatira (pahina 46)).

Memo 3: Mga nais magsimula muli ng pag-aaral sa elementary o junior high school

Klase ang panggabing klase (*yakan gakkyū*) para sa mga 15 taong gulang o higit pa na hindi nakapagtapos ng elementary o junior high school, o nagtapos ngunit hindi nakapag-aral nang sapat.

Mayroong panggabing klase sa Hiroshima Municipal Futaba Junior High School at sa Hiroshima Municipal Kan-on Junior High School, kung saan pinag-aaralan ang mga subject sa junior high school.

Kung nais pumasok sa panggabing klase, mangyaring magtanong sa School Affairs Division, Board of Education ng Lungsod ng Hiroshima (TEL 082-504-2975).

(2) Senior High School (High School)

Sa Japan, 98% o higit pa ang nagpapatuloy ng pag-aaral sa high school.

Kailangang kumuha ng pagsusulit para makapasok sa high school. Mayroon ding paaralan kung saan maaaring kumuha ng entrance exam kahit hindi nakapagtapos ng junior high school ng Japan, kung kilalaning mayroong katumbas na kakayahan sa pag-aaral.

Mayroong pampublikong paaralan na itinatag ng bansa, ng prefecture, o ng lungsod, at pribadong paaralan ng high school, at nahahati sa general course at specialized course (engineering, business, agriculture atbp.) at comprehensive course ayon sa nilalaman ng mga klase, at sa full time course, part time course [pang-umaga o panghapon at panggabi], at correspondence course) ayon sa oras kung kailan kumukuha ng klase at iba pa.

Tungkol sa municipal high school, mangyaring magtanong sa Teacher Supervisory Division II ng Board of Education ng Lungsod ng Hiroshima (TEL 082-504-2704).

Tungkol sa ibang high school, mangyaring magtanong sa mga sumusunod na lugar:

- National school:	Hiroshima University Senior High School	TEL 082-251-0192
- Prefectural school:	Education Reform Division, Board of Education ng Hiroshima Prefecture	TEL 082-513-4992
